Diocese *of* Dallas

SYNOD 2024

Mabuti at mapagmahal na Diyos,

Amang nasa langit, Kami po ay nagpapasalamat sa Iyo sa karunungan at biyayang ipinagkaloob mo sa amin sa pamamagitan ng Iyong Anak na si Hesus.

Dagdagan Mo po ang aming pananampalataya upang marinig namin ang tinig ng aming Mabuting Pastol at masayang sundan ang landas na, ng Kanyang pag-ibig sa amin ay nagtatanglaw.

Habang kami ay naghahanda para sa Sinodo sa Diyosesis ng Dallas, ipadala Mo pong muli ang Banal na Espiritu upang kami ay gabayan.

Ipagkaloob Mo po na ang aming pananaw at pang-unawa ay maliwanagan habang binabatid namin ang misyon ng lokal na simbahang ito sa aming panahon, samantalang hindi nawawala sa aming mga paningin ang Iyong kalooban at ang aming pag-asa na makasama po Kayo sa langit.

Ipinagkakatiwala po namin ang Sinodong ito sa pangangalaga ng aming Ina na aming pintakasi, Aming Ina ng Guadalupe, na namamagitan para sa amin at sumasama sa amin, Siya na nagsabi ng "oo" sa pag-ibig at pananampalataya, na siya namang hinahangad naming tularan.

Kami po ay nananalangin ng may pananalig sa pamamagitan ni Kristo na aming Panginoon. Amen.

Diocese *of* Dallas
SYNOD 2024